フィリピノ語

# GASTUSIN SA PAG-AARAL, SUSUPORTAHAN !

## GUIDE PARA SA NG EDUCATIONAL SUPPORT

**Para sa mga nakatakdang pumasok sa 2024**



Mie Board of Education
Character Mascot
「MieBi」

**Ang Mie Board of Education ay naghanda ng 3 uri ng support system para masuportahan ang pang-gastos sa edukasyon.**

### Suporta sa tuition fee — Tulong pinansiyal sa pag-aaral

- ○ Financial support system na maaaring makatulong sa pagbabayad ng tuition fee senior high school (¥9,900 kada buwan para sa full time regular class.)
- ○ Kung maaprubahan ay hindi na kailangang bayaran pa ang tuition fees.

※Ito ay ginagamit ng halos 80% ng mga estudyante sa buong bansa.

・Panahon ng aplikasyon･･･ April, pagkatapos ng enrollment sa Senior High school (mag- apply sa papasukang paaralan)

※May sistema rin na ipinapatupad para sa private senior high school. Sa private senior high school, ang halagang makukuha ay base sa income na tinatanggap. Ang kakulangan halaga para sa matrikula ay babayaran ng aplikante.
Inquiries:Mie Environmental and Social Affair Private School Section (Tel.059-224-2161)

### Halagang hiniram hindi na kailangang bayaran — Scholarship Benefits

- ○ May lump sum system support din para sa iba pang gastusing pang-edukasyon maliban sa matrikula.
- ○ Mula ¥32,300 ～ ¥143,700 ang maaaring matatanggap (Depende kung may kapatid o tumatanggap ba ng living allowance sa gobyerno at depende rin sa kursong pinasukan, magbabago ang halagang matatanggap.

･Panahon ng aplikasyon･･･National at Prefectural Senior High school, buwan ng Hulyo (mag-apply sa pinapasukang paaralan)

※May sistema rin na ipinapatupad para sa private senior high school.(Iba ang halagang matatanggap kumpara sa public senior highschool). Para sa mga detalye makipag-ugnayan sa Mie Environmental and Social Affair Private School Section (Tel.059-224-2161).

### Student loan na walang interes — Educational Loan

- ○ Loan na walang interes para sa mga papasok sa Senior High School. Pagka-graduate sa pinapasukan paaaralan, kailangang ibalik ang hiniram na pera sa loob ng 12 taon. ※Maaring gamitin ang student loan sa lokalidad na tinitirhan. (Maliban kung saan ipinagbabawal ang paggamit kasabay ang ibang sistema.)
- ○ Para sa public school ¥8,000～¥23,000 kada buwan, sa private school naman ay ¥20,000～¥35,000 kada buwan. Mayroon ding lump-sum na maaaring hiramin para sa enrollment fee (Public: maaaring mamili kung ¥40,000 o ¥80,000, para naman sa private school: mamili kung ¥50,000 o ¥100,000)

･Panahon ng aplikasyon･･･Mula Mayo – Hunyo (mag-aply sa pinapasukang paaralan)

･Kailangan ng guarantor para sa aplikasyon (limitado ang edad ng taong maaaring mag-guarantor)

※ Limitado ang income alin man sa 3 sistema ang gamitin. Ang halaga ng maaaring hiramin ay magbabago depende sa income.Magtanong para sa detalye.
※Ang guide na nasa itaas ay taong 2023,maaaring may mga pagbabago sa impormasyon sa taong 2024.Hinihiling ang inyong pang-unawa.

**MAKIPAG-UGNAYAN PARA SA MGA DETALYE**

**Mie Prefecture Board of Education Office Education Financial Section Educ.Support Grp.**
**Tel : 059-224-2940 (Office hours：Regular na araw 8:30～17:00)**
**Homepage：** http://www.pref.mie.lg.jp/KYOZAIMU/HP/singakusien/index.htm